

Bayad na Pagliban para sa Kaligtasan at Sakit: Ang Dapat Malaman ng Mga Empleyado

Magiging epektibo ang mga bagong pag-amyenda sa Batas sa Pinagtrabahuhanang Panahon Para sa Kaligtasan at Sakit (Earned Safe and Sick Time Act) (Paid Safe and Sick Leave Law o Batas sa Bayad na Pagliban para sa Kaligtasan at Sakit) ng NYC sa Setyembre 30, 2020 at Enero 1, 2021. Kung nagtatrabaho ka nang part time o full time sa anumang negosyo o nonprofit sa NYC anuman ang laki nito o kung nagtatrabaho ka sa isang sambahayan sa NYC bilang domestic worker (kasambahay), basahin ang fact sheet¹ na ito para maunawaan ang mga karapatan ng empleyado. Sa ilalim ng Batas, may karapatan ang mga sakop na empleyado na gamitin ang pagliban para sa kaligtasan at sakit para sa:

- kalusugan, kabilang ang pangangalaga at paggamot ng sarili o miyembro ng pamilya; at
- kaligtasan, kabilang ang para humingi ng tulong o gumawa ng ibang mga hakbang para sa kaligtasan kung ang empleyado o isang miyembro ng pamilya ay maaaring biktima ng anumang gawain o banta ng karahasan sa tahanan, hindi ninanais na sekswal na interaksyon, pag-stalk, o pagpupuslit ng tao sa ilegal na paraan (human trafficking).

Mga Empleyadong Sakop/Hindi Sakop ng Batas

Sakop	Hindi Sakop
<ul style="list-style-type: none"> • Mga full-time na empleyado • Mga part-time na empleyado • Mga domestic worker (kasambahay) • Mga empleyado ng programa sa mga transisyonal na trabaho • Mga empleyadong miyembro ng pamilya pero hindi may-ari • Mga empleyadong nakatira sa labas ng Lungsod ng New York 	<ul style="list-style-type: none"> • Mga mag-aaral sa mga pederal na programa sa trabaho at pag-aaral • Mga empleyadong binabayaran para sa kanilang trabaho ng mga kwalipikadong programa sa scholarship • Mga empleyado ng mga ahensya ng gobyerno • Mga physical therapist, occupational therapist, speech language pathologists, audiologist na lisensyado ng New York State Department of Education (kung pumapasok sila para sa mga nakatakdang trabaho kapag gusto nila, sila ang nagpapasya ng kanilang iskedyul sa trabaho, may kakayahan silang tanggihan o tanggapin ang anumang trabahong ni-refer sa kanila, at binabayaran sila ng average na sahod kada oras, na hindi bababa sa apat na beses ang laki sa pederal na minimum na sahod) • Mga independent na kontratistang hindi natutugunan ang kahulugan ng empleyado sa ilalim ng Batas ng Manggagawa ng Estado ng New York • Mga Kalahok sa Mga Programa ng Karanasan sa Pagtatrabaho (Work Experience Programs, WEP) • Mga partikular na empleyadong napapasailalim sa collective bargaining agreement (kasunduan sa kolektibong pakikipagsunduan)

Tandaan: Kung mayroong umiiral na patakaran ang iyong employer na pinapayagan ang mga empleyadong gumamit ng pagliban para sa kaligtasan at sakit, dapat ay natutugunan o hinihigitan ng patakaran ang mga hinihiling ng Batas.

Abiso Tungkol sa Mga Karapatan ng Empleyado

Kung ikaw ay isang sakop na empleyado, dapat kang bigyan ng iyong employer ng nakasulat na Abiso tungkol sa iyong karapatan sa pagliban para sa kaligtasan at sakit. Mayroon kang karapatang makatanggap ng Abiso sa wikang Ingles at sa iyong pangunahing wika kung mayroong available na pagsasalin sa website ng DCWP nyc.gov/workers. **Magtabi ng kopya ng Abisong ibinigay sa iyo.** Dapat ring ipaskil ng iyong employer ang Abiso sa lugar ng trabaho, sa isang lugar na nakikita at sa maaaring ma-access ng mga empleyado.

Dami ng Pagliban para sa Kaligtasan at Sakit

Dami ng Mga Empleyado ng Employer	Taunang Kita ng Employer	Dami ng Pagliban kada Taon ng Kalendaryo*	May Bayad o Walang Bayad na Pagliban
1-4	Mas mababa sa \$1 milyon	Hanggang 40 oras	Walang bayad
	epektibo sa 1/1/2021: \$1 milyon o higit pa	Hanggang 40 oras	May bayad
5 o higit pang empleyado ng pribado o nonprofit na employer O epektibo sa 9/30/2020: 1 o higit pang domestic worker (kasambahay) na empleyado ng employer na sambahayan	Hindi Naaangkop	Hanggang 40 oras	May bayad
epektibo sa 1/1/2021: 100 o higit pang empleyado ng pribado o nonprofit na employer o employer ng mga domestic worker (kasambahay)	Hindi Naaangkop	Hanggang 56 na oras	May bayad

*Tandaan: Ang "Taon ng Kalendaryo" ay nangangahulugang anumang regular at patuloy na 12 buwan na panahon na tinukoy ng employer. Dapat ay nakasaad sa Abiso Tungkol sa Mga Karapatan ng Empleyado ang Taon ng Kalendaryo ng employer.

Kung hinihiling sa iyong employer na magbigay ng bayad na pagliban para sa kaligtasan at sakit, dapat kang bayaran ng iyong regular na rate kada oras at hindi mas mababa sa kasalukuyang minimum wage.

Pag-ipon at Paggamit ng Pagliban para sa Kaligtasan at Sakit

Ikaw ay:

- Nakakaipon ng pagliban sa trabaho para sa kaligtasan at sakit sa oras na nagsimula kang magtatrabaho. Ang minimum na rate ng pag-ipon ay 1 oras para sa bawat 30 oras ng pagtatrabaho.
- Pwedeng gamitin ang pagliban sa trabaho para sa kaligtasan at sakit kapag naipon mo na ito.
- Dapat makatanggap mula sa iyong employer ng nakasulat na dokumentasyon kada panahon ng pagsweldo na nagpapakita kung gaano karaming pagliban para sa kaligtasan at sakit ang nagamit, naipon at natitira pa sa iyo.

¹ Tandaan ang petsa sa likod. Ia-update ng Departamento ng Proteksiyon sa Mamimili at Manggagawa (Department of Consumer and Worker Protection, DCWP) ng Lungsod ng New York ang sheet na ito ayon sa naaangkop. Subaybayan ang nyc.gov/workers para sa mga update.

Mga Eksepsiyon: Kung ikaw ay sakop ng isang collective bargaining agreement na umiiral noong Abril 1, 2014, ikaw ay magsisimulang makaipon ng pagliban para sa kaligtasan sakit sa ilalim ng batas simula sa petsa ng pagtatapos ng kasunduang iyon.

Mga Katanggap-tanggap na Dahilan para Gamitin ang Pagliban para sa Kaligtasan at Sakit

Maaari mong gamitin ang pagliban para sa kaligtasan at sakit para lumiban mula sa trabaho kapag:

- Mayroon kang karamdaman sa pag-iisip o katawan, pinsala, o kondisyon ng kalusugan; kailangan mong makakuha ng medikal na diagnosis, pangangalaga, o paggamot para sa iyong karamdaman sa pag-iisip o katawan, pinsala, o kondisyon; kailangan mong kumuha ng medikal na pangangalagang pang-iwas sa sakit.
- Kailangan mong alagaan ang isang miyembro ng pamilya na nangangailangan ng medikal na diagnosis, pangangalaga, o paggamot sa karamdaman sa pag-iisip o katawan, pinsala, o kondisyon ng kalusugan, o na nangangailangan ng medikal na pangangalagang pang-iwas sa sakit.
- Magsasara ang negosyo ng iyong employer dahil sa isang emergency na may kinalaman sa kalusugan ng publiko o kailangan mong alagaan ang isang bata kapag nagsara ang kanyang paaralan o tagapagbigay ng pangangalagang pambata dahil sa emergency na may kinalaman sa kalusugan ng publiko.
- Ikaw o isang miyembro ng pamilya ay maaaring biktima ng anumang gawain o banta ng karahasan sa tahanan o hindi ninanais na sekswal na interaksyon, pag-stalk, o pagpupuslit ng tao sa iligal na paraan at kailangan mong gumawa ng mga aksyong kinakailangan para ibalik ang pisikal na kalusugan, kalusugan ng pag-iisip, o pang-ekonomikong kalagayan o kaligtasan mo o ng mga miyembro ng iyong pamilya o upang protektahan ang mga taong may kaugnayan sa iyo o kasama mo sa trabaho, kabilang ang para:
 - Kumuha ng mga serbisyo mula sa tahanan para sa biktima ng karahasan sa tahanan, sentro para sa kagipitan dahil sa panggagahasa, o iba pang programa ng mga serbisyo.
 - Sumali sa pagpapalano ng kaligtasan, lumipat, o gumawa ng ibang mga aksyon para protektahan ang kaligtasan mo o ng mga miyembro ng iyong pamilya, kasama ang pag-reenroll ng mga bata sa bagong paaralan.
 - Makipagkita sa isang abogado o provider ng social service upang kumuha ng impormasyon at payo kaugnay sa kustodiya; pagbisita; mga isyu sa kasal; mga utos ng proteksiyon; imigrasyon; pabahay; pandiskrimina sa trabaho, pabahay, o kredito ng mamimili.
 - Maghain ng ulat ng insidente sa tahanan sa tagapagpatupad ng batas o bumisita sa opisina ng abogado ng distrito.

Kinikilala ng Batas ang mga sumusunod bilang "mga miyembro ng pamilya:"

- Sinumang indibidwal na may malapit na kaugnayan sa empleyado ay katumbas ng pamilya
- Anak (biyolohikal, inampon, o inaalagaang bata; legal na ward; anak ng empleyadong tumatayo sa *lugar ng magulang (in loco parentis)*)
- Apo
- Asawa
- Domestic Partner (Kinakasama)
- Magulang
- Lolo/Lola
- Anak o Magulang ng asawa o kinakasama ng empleyado
- Kapatid (kabilang ang kapatid sa ama o ina, inampon, o kinakapatid)
- Sinumang iba pang indibidwal na kadugo ng empleyado

Paunang Abiso

Kung nakikinita ang pangangailangan, maaaring hingin ng iyong employer ang hanggang pitong araw na paunang abiso tungkol sa iyong balak na gamitin ang pagliban para sa kaligtasan o sakit. Kung hindi nakikinita ang pangangailangan, maaaring hilingin ng iyong employer na magbigay ka ng abiso sa pinakamaagang oras na makakaya (makatuwirang panahon). Maaaring hilingin ng iyong employer sa iyo na magbigay ng nakasulat na beripikasyon na ginamit mo ang iyong pagliban para sa kaligtasan o sakit para sa mga layunin ng pagliban para sa kaligtasan o sakit.

Dokumentasyon

Maaaring humingi ang iyong employer ng makatuwirang dokumentasyon kung gagamitin mo ang higit sa tatlong magkakasunod na araw ng trabaho bilang pagliban para sa kaligtasan at sakit. Maaaring humingi ang iyong employer ng:

- note na pinirmahan ng lisensyadong provider ng pangangalagang pangkalusugan para sa pagliban para sa sakit; o
- dokumentasyon mula sa isang provider ng social service, provider ng legal na serbisyo, miyembro ng clergy, o naka-notaryong sulat na sinulat mo kung saan nakasulat ang pangangailangan para sa pagliban para sa kaligtasan.

Hindi maaaring hilingin ng employer na dapat nakasaad sa dokumentasyon ang dahilan kung bakit mo ginamit ang pagliban para sa kaligtasan o sakit. Ang pagbubunyag ay maaaring hingin ng mga iba pang batas.

Dapat kang i-reimburse ng iyong employer para sa:

- mga siningil ng mga provider ng pangangalagang pangkalusugan upang magbigay ng kinakailangang dokumentasyon para sa pagliban para sa sakit; at
- lahat ng makatuwirang gastos o singil upang makakuha ng dokumentasyon para sa pagliban para sa kaligtasan.

Hindi Nagamit na Pagliban para sa Kaligtasan at Sakit

Maaari mong idagdag sa susunod na Taon ng Kalendaryo ang hanggang 40 oras (o, kung naaangkop, 56 na oras epektibo mula sa Enero 1, 2021) ng hindi nagamit na pagliban para sa kaligtasan at sakit. Gayunpaman, kinakailangan lamang ang iyong employer na ipagamit sa iyo ang hanggang 40 (o 56 na) oras ng pagliban para sa kaligtasan at sakit kada Taon ng Kalendaryo.

Paghihiganti

Hindi pwedeng maghihiganti laban sa iyo ang iyong employer para sa paghiling o paggamit ng pagliban para sa kaligtasan at sakit. Kabilang sa paghihiganti ang anumang banta, pagdidisiplina, pagpapaalis, pagpapababa ng puwesto sa trabaho, pagsususpende, o pagbabawas ng oras, o anumang malubhang aksyon sa trabaho laban sa iyo dahil sa iyong paggamit o pagsubok na gamitin ang anumang karapatang ginagarantiya sa ilalim ng batas, kung saan kabilang ang mga kilos na kaugnay ng ipinagpapalagay na katayuan sa imigrasyon o awtorisasyon sa trabaho.

Mga Reklamo

Maaari kang maghain ng reklamo sa DCWP. Upang makuha ang form ng reklamo, pumunta sa nyc.gov/workers o tumawag sa 311 (212-NEW-YORK sa labas ng NYC).

Na-update noong 11/20/2020



May Mga Tanong? Para sa higit pang impormasyon o para makipag-ugnayan sa DCWP:

- Bisitahin ang nyc.gov/workers para sa batas at Mga Madalas Itanong
- Mag-email sa PSSL@dca.nyc.gov
- Tumawag sa 311 (212-NEW-YORK sa labas ng NYC) at sabihin ang "Paid Safe and Sick Leave (Bayad na Pagliban para sa Kaligtasan at Sakit)"